Pamagat: Programa ng Tulong Pinansiyal at Pagbabayad nang May Diskuwento para sa Pasyente		**Numero:** L3003
Manwal: Administratibo	**Seksiyon:** Pananalapi	**Petsa ng Bisa:** 09/28/2026

I. LAYUNIN:

A. Para sa layunin ng Patakaran sa Programa ng Tulong Pinansyal sa Pasyente at Diskuwento sa Pagbabayad, ang CHOC Enterprise ay tumutukoy sa pinagsama-samang network ng mga organisasyon sa pangangalagang pangkalusugan, mga serbisyo, at mga provider na kasapi ng CHOC. Kabilang sa CHOC Enterprise ang sumusunod na mga entidad:

1. CHOC Hospital – Ang pangunahing pediatric hospital na matatagpuan sa Orange, California, na nagbibigay ng mga espesyal na serbisyong medikal at pangangalaga para sa mga bata.
2. CHOC sa Mission Hospital – Isang pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan na matatagpuan sa loob ng Providence Mission Hospital sa Mission Viejo, California, na nag-aalok ng pangangalagang pediatric at mga espesyal na serbisyo.
3. CHOC Specialist – Isang grupo ng mga pediatric specialist na nagbibigay ng ekspertong pangangalaga sa iba't ibang pediatric subspecialty sa buong network ng CHOC.
4. Network ng Pangunahing Pangangalaga ng CHOC – Isang network ng mga provider ng pangunahing pangangalaga na kasapi ng CHOC, na nag-aalok ng mga komprehensibong serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan para sa mga bata mula pagsilang hanggang sa kanilang pagiging tin-edyer.

Sama-sama, ang mga entidad na ito ay bumubuo sa CHOC Enterprise (na mula rito ay tinatawag na CHOC), na nagbibigay ng may kalidad na pangangalagang pediatric sa iba't ibang espesyalidad at lokasyon, at nasasakop ng mga kasunduan at kondisyong inilahad sa Patakaran sa Tulong Pinansyal.

B. Ang CHOC ay nangangakong magbigay ng de-kalidad na pangangalagang pangkalusugan sa lahat ng pasyente anuman ang pinansiyal na kalagayan ng pasyente. Ang mga pasyenteng tumutugon sa itinakdang pamantayan ng Programa ng Tulong Pinansyal ay puwedeng maging kwalipikado upang tumanggap ng Tulong Pinansyal para sa kabuuan o bahagi ng kanilang gastos sa pangangalagang medikal. Upang makapag-aplay sa Tulong Pinansiyal, pakibisita ang aming website (www.CHOC.org/patients-family/pay-bill). Nagbibigay rin ang CHOC ng mga benepisyo sa mas malawak na komunidad sa pamamagitan ng edukasyon at pananaliksik sa medisina.

C. Ayon sa patakarang ito, maaaring magbigay ng Tulong Pinansyal sa mga pasyenteng walang insurance o kulang ang insurance at hindi kayang

Copyright 2026. Children's Hospital of Orange County. Nakareserba ang lahat ng karapatan. Walang bahagi ng mga materyal na ito ang maaaring kopyahin sa anumang anyo nang walang nakasulat na pahintulot mula sa Administrasyon ng CHOC.

bayaran mula sa sariling bulsa ang kanilang gastusing medikal. Ang kwalipikasyon sa Programa ng Tulong Pinansyal ay hindi dapat ibatay sa edad, kasarian, oryentasyong seksuwal, etnisidad, pinagmulan, kapansanan o relihiyon.

D. Sa ilang kaso, maaaring ipagkaloob ang Tulong Pinansyal sa mga pasyenteng ang kalagayang pinansyal ay nagpapahirap o nagpapawalang-kaya sa pagbabayad para sa mga kinakailangang serbisyong medikal. Ang pagsusuri kung kinakailangan ang serbisyong medikal sa CHOC ay ibabatay sa klinikal na pagsusuri. Ang klinikal na pagsusuri ng doktor ng pasyente o ng kawaning doktor ng Kagawaran ng Emergency (Emergency Department) ang tanging pamantayang gagamitin sa pagpapasya kung dapat tanggapin ng pasyente ang mga serbisyo sa CHOC. Hindi magsasagawa ang CHOC ng mga aksiyong pipigil sa mga indibidwal na humingi ng pangangalagang medikal na pang-emergency.

II. SAKLAW:

Ipinapataw ang patakarang ito sa lahat ng Inpatient at Outpatient ng CHOC, kabilang na rito ang CHOC Medical Foundation at kung saan kasama ang lahat ng pangangalagang pang-emergency at iba pang pangangalagang kinakailangan sa pagpapagamot. Ibinabatay ng CHOC ang kwalipikasyon sa Tulong Pinansiyal mula sa mga kasalukuyang isinumiteng Aplikasyong Pinansiyal. Hindi umaasa ang CHOC sa panlabas na sanggunian para sa pagdedesisyon ukol sa kwalipikasyon sa FAP.

III. MGA KAHULUGAN:

A. **Halagang Karaniwang Sinisingil (Amount Generally Billed, AGB):** Ang metodolohiya sa retrospective na pagsusuri na ginagamit ng CHOC upang kalkulahin ang limitasyon sa mga singil sa mga kalahok sa Programa ng Tulong Pinansiyal

B. **Pangangalagang Pangkawanggawa:** Libreng pangangalagang pangkalusugan

C. **Programa ng Benepisyo sa Paghahati sa Gastos (Cost Sharing Benefit Program, CSBP)**: Programang batay sa pagiging miyembro kung saan nagbabayad ang miyembro ng regular (karaniwang buwanan) na bayad sa membership at ipinamamahagi ang mga bayad sa mga miyembrong nangangailangan ng tulong sa kanilang mga gastusing medikal. Karaniwang hindi sasang-ayon ang mga programa ng benepisyo na direktang masingil at mayroon silang kasunduan sa mga miyembro na i-reimburse na lang sila para sa mga gastusing medikal ng mga miyembro.

D. **Pagbabayad nang May Diskuwento (Discount Payment o Discounted Payment:** Anumang singil para sa pangangalagang binawasan pero hindi libre.

Copyright 2026. Children's Hospital of Orange County. Nakareserba ang lahat ng karapatan. Walang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin sa anumang anyo nang walang nakasulat na pahintulot mula sa Administrasyon ng CHOC.

E. **Mga Datos ng Pasyente:** Numero ng medikal na rekord, pangalan ng pasyente, petsa ng kapanganakan, status ng insurace, kalipikasyon para sa iba pang suporta.

F. **Pamilya ng pasyente:** Ang mga layunin ng patakarang ito ay tulad ng sumusunod:

1. Para sa mga 18 taong gulang pataas, asawa, domestic partner tulad ng inilalarawan sa Seksiyon 297 ng California Family Code; at mga anak na dependent na wala pang 21 taong gulang, o anumang edad kung may kapansanan, na nasa tahanan man o hindi;
2. Para sa mga wala pang 18 taong gulang o para sa batang dependent na 18 hanggang 20 taong gulang, ingklusibo, magulang, mga kamag-anak na tagapag-alaga, at iba pang dependent na anak ng magulang o kamag-anak na tagapag-alaga na wala pang 21 taong gulang, o anumang edad kung may kapansanan, alinsunod sa Seksiyon 1614(a) ng Part A ng Title XVI ng Social Security Act.

IV. PATAKARAN:

A. Tungkulin ng CHOC na tukuyin ang kwalipikasyon para sa Tulong Pinansyal sa oras ng pagpaparehistro, sa pamamagitan ng isang pagsusuri sa kalagayang pinansyal para sa lahat ng pasyente na hindi kayang bayaran ang kinakailangang deposito ng CHOC.

B. Inihahambing ng patakarang ito ang bad debt patient (pasyenteng ayaw magbayad, kahit na kaya naman nila) mula sa pasyenteng kwalipikado sa Tulong Pinansyal batay sa pagtangging magbayad ng pasyente o ng kanyang pamilya kumpara sa napatunayang kawalang-kakayahang magbayad. Ang hindi pagtugon ng pasyente at/o ng pamilya ng pasyente sa mga kahilingan ng impormasyon na magpapatunay na hindi kayang magbayad ay maaaring magresulta sa pagkawala ng karapatang maisaalang-alang para sa Programa ng Tulong Pinansyal.

C. Layunin ng CHOC na makilala agad ang pasyenteng kwalipikado sa Tulong Pinansyal sa panahon ng pagpaparehistro. Gayunpaman, kung hindi kumpleto ang impormasyon ng insurance o pinansyal na sitwasyon ng pasyente dahil sa emergency na paggamot, o kung may pagbabago sa kalagayang pinansyal ng pasyente/guarantor, o ng pamilya ng pasyente, maaaring ituring ang pasyente bilang kwalipikado sa Tulong Pinansyal kahit pagkatapos na maibigay ang serbisyo, at sa ilang kaso, kahit pagkatapos maipadala ang bill ng pasyente.

D. Kung nais ng isang doktor o clinician na isulong ang Tulong Pinansiyal para sa isang kilalang pasyente, matatagpuan ang protokol para sa paghiling ng Tulong Pinansiyal sa Paws na nasa ilalim ng on-line form bank.

E. Mananatiling kumpidensiyal ang impormasyon at igagalang ang dignidad ng pasyente para sa lahat ng humihingi o binibigyan ng mga serbisyo ng Tulong Pinansiyal.

Copyright 2026. Children's Hospital of Orange County. Nakareserba ang lahat ng karapatan. Walang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin sa anumang anyo nang walang nakasulat na pahintulot mula sa Administrasyon ng CHOC.

F. Ang mga pasyenteng tumatanggap ng mga serbisyo sa Emergency Room ng Ospital ay magiging kwalipikado rin para sa Tulong Pinansiyal sa pagbabayad ng mga bayarin sa mga doktor sa Emergency Room. Ang kompanyang tagasingil ng doktor sa Emergency Room ay aasa sa pagpapasya ng ospital tungkol sa pagiging kwalipikado sa FAP tulad ng iniaatas sa seksiyon 127405(a)(1)(B) ng Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan (Health and Safety Code).

G. Nasa ibaba ang isang listahan ng mga tagapagbigay-serbisyo, bukod pa sa mismong ospital, na nagbibigay ng pangangalagang kinakailangan sa pagpapagamot sa ospital. Para sa kaginhawaan, inilista ang mga ito ayon sa kategorya ng pangangalaga. Ipinapakita ng listahan kung ang mga provider ay saklaw ng FAP ng ospital.

Medikal na Espesyalidad/Departamento	Saklaw sa Ilalim ng FAP ng Ospital	Hindi Saklaw sa Ilalim ng FAP ng Ospital
Allergy at Immunology	**x**	
Anesthesiology		**x**
Cardiovascular Disease	**x**	
Dental		**x**
Diagnostic Radiology	**x**	
Emergency Department		**x**
Gastroenterology	**x**	
General/Family Practice	**x**	
General Surgery		**x**
Internal Medicine	**x**	
Neurological Surgery		**x**
Neurology	**x**	
Obstetric at Gynecology	**x**	
Occupational Medicine	**x**	
Oncology	**x**	
Ophthalmology	**x**	
Lahat ng Surgeon		**x**
Otolaryngology	**x**	
Pathology		**x**
Pediatric	**x**	
Physical Medicine/Rehab	**x**	
Plastic Surgery	**x**	
Podiatry		**x**
Pulmonary Disease	**x**	
Therapeutic Radiology	**x**	
Thoracic Surgery		**x**
Urology	**x**	

Copyright 2026. Children's Hospital of Orange County. Nakareserba ang lahat ng karapatan. Walang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin sa anumang anyo nang walang nakasulat na pahintulot mula sa Administrasyon ng CHOC.

Iba pa: Psychiatry	**x**	
Iba pa: Clinical Genetics	**x**	
Iba pa: Dermatology	**x**	
Iba pa: Endocrinology	**x**	
Iba pa: Hematology	**x**	
Iba pa: Mga Doktor ng Ospital	**x**	
Iba pa: Nakahahawang Sakit	**x**	
Iba pa: Neonatology	**x**	
Iba pa: Nephrology	**x**	
Iba pa: Rheumatology	**x**	
Iba pang Sleep Medicine	**x**	

V. PAMAMARAAN:

A. Kwalipikasyon

1. Ang pagtukoy kung kwalipikado sa Tulong Pinansyal ay ginagawa sa pamamagitan ng pag-alam sa kalagayang pinansyal ng pasyente o ng pamilya ng pasyente. Dapat itong matukoy sa panahon o bago ang pagpaparehistro, o sa lalong madaling panahon pagkatapos nito. Sa ilang kaso, gaya ng mga emergency admission, maaaring hindi agad matukoy ang kwalipikasyon sa Programa ng Tulong Pinansyal hanggang sa mailabas ang pasyente. Sa mga pagkakataong ito, o sa mga pagkakataong may mga pangyayaring nagaganap sa panahon ng pananatili ng pasyente o pagkatapos nito na bumago sa kalagayan ng pananalapi ng pasyente o pamilya ng pasyente, hindi maaapektuhan ang kwalipikasyon ng pasyente sa Programa ng Tulong Pinansyal, kahit kailan pa matukoy na natugunan niya ang mga pamantayan sa kwalipikasyon.
2. Ang responsibilidad sa pagtukoy ng kwalipikasyon ng pasyente para sa Programa ng Tulong Pinansyal sa oras o bago ang pagbisita ng pasyente sa CHOC ay nasa departamento na nagrerehistro sa pasyente. Aatasan nito ang pasyente o ang pamilya ng pasyente na magbigay ng pahayag na “Pagsisiwalat ng Pananalapi”. Maaaring kabilang din dito ang mga kopya ng mga kaugnay na dokumentasyon (mga kamakailang pay stub, income tax return, o iba pang dokumento) upang malaman ang taunang kita ng pamilya ng pasyente o ng pamilya ng pasyente. Sa mga pagkakataong iyon, na inilalarawan sa itaas, kung saan hindi matukoy ang kwalipikasyon sa panahon ng serbisyo, makikipagtulungan ang CHOC Family Financial Resource Center sa pasyente o sa pamilya upang matukoy ang kwalipikasyon.

Copyright 2026. Children’s Hospital of Orange County. Nakareserba ang lahat ng karapatan. Walang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin sa anumang anyo nang walang nakasulat na pahintulot mula sa Administrasyon ng CHOC.

3. Ang pasyente o pamilya ng pasyente na may insurance ay maaari ding maging kwalipikado sa Programa ng Tulong Pinansiyal para sa bahagi ng bill na hindi saklaw ng insurance. Kasama rito ang mga deductible, coinsurance, at mga serbisyong hindi saklaw. Ang pagpapasya sa kwalipikasyon ng pasyente ay sasailalim sa mga alituntuning kapareho ng ginagamit para sa isang pasyenteng walang insurance.
4. Ang pasyente, na may insurance man o wala, na may Malaking Gastos sa Pagpapagamot ay maaaring maging kwalipikado para sa programa ng Tulong Pinansiyal. Kasama na rito ang mga pasyenteng may taunang gastos mula sa sariling bulsa na naiipon ng pasyente at kung saan kabilang ang mga gastusing medikal na naiipon sa Ospital at sa labas ng ospital na lampas sa 10% ng Kita ng Pamilya sa nakaraang 12 buwan. Ang ibig sabihin ng mga gastos mula sa sariling bulsa ay anumang gastusin para sa pangangalagang medikal na hindi nire-reimburse ng insurance o ng programa ng pagsaklaw sa kalusugan (health coverage). Hindi isasaalang-alang ang mga gastusing maiipon ng guarantor na walang kinalaman sa pasyente. Ang (mga) resibo o (mga) invoice ng mga gastusing binayaran ay dapat isama sa Aplikasyon para sa Tulong Pinansiyal ng guarantor. Hindi tatanggapin ang nilagdaang pagpapatotoo bilang patunay ng Malaking Gastos sa Pagpapagamot.
5. Proseso ng Aplikasyon
    a. Upang mag-aplay para sa Programa ng Tulong Pinansiyal at humiling ng pagpapasya sa kwalipikasyon, dapat magsumite ang pasyente/guarantor ng sinagutang Aplikasyon para sa Tulong Pinansiyal sa CHOC Family Financial Resource Center.
    b. Makakukuha ng Aplikasyon para sa Tulong Pinansiyal sa aming website (www.CHOC.org/patients-family/pay-bill). Makakukuha ng Aplikasyon para sa Tulong Pinansiyal at tulong hinggil sa proseso ng Aplikasyon para sa Tulong Pinansiyal sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa CHOC Family Financial Resource Center sa 714 509-8600. Puwedeng ipadala ang mga Aplikasyon para sa Tulong Pinansiyal sa pamamagitan ng email o sa pamamagitan ng koreo sa USPS nang walang karagdagang gastos. Puwede ring makakuha ng mga aplikasyon sa Kagawaran sa Pagpapayo sa Pananalapi ng CHOC (CHOC Financial Counseling Department) sa 1201 W. La Veta Avenue, Orange, California 92868

Copyright 2026. Children's Hospital of Orange County. Nakareserba ang lahat ng karapatan. Walang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin sa anumang anyo nang walang nakasulat na pahintulot mula sa Administrasyon ng CHOC.

c. Kapag sumasailalim sa screening para sa kwalipikasyon sa Pagbabayad nang May Diskuwento, maaaring atasan ng Hospital ang pasyente/guarantor na lumahok sa screening para sa pagiging kwalipikado sa Medi-Cal. Hindi dapat atasan ng ospital ang isang pasyente na mag-aplay para sa Medicare, Medi-Cal, o iba pang coverage bago ma-screen ang pasyente, o mabigyan ng Pagbabayad nang May Diskuwento. Maaaring atasan ng ospital ang isang pasyente na mag-aplay para sa Medicare, Medi-Cal, o iba pang coverage bago ma-screen ang pasyente o mabigyan ng Pangangalagang Pangkawangga.

d. Gagawin ng pasyente/guarantor ang lahat ng makatwirang pagsisikap na makapagbigay ng dokumentasyon ng kita ng pasyente/pamilya bago maisaalang-alang ang isang aplikasyon. Dapat maberipika ang kita sa pamamagitan ng mga income tax return para sa pinakabagong taon at/o mga kamakailang pay sub. Maaari ding magbigay ng iba pang pinagmumulan ng kita

e. Kung walang kinikita ang magulang/guarantor o hindi siya makapagbibigay ng dokumentasyon ng kita, maaaring atasan ng CHOC, sa sarili nitong pagpapasya, ang pasyente/guarantor na magsumite ng pagpapatotoong nilagdaan sa ilalim ng parusa ng pagsisinungaling (perjury) tungkol sa (i) katotohanan ng impormasyon ng kita na ibinigay sa Aplikasyon para sa Tulong Pinansiyal, (ii) paliwanag kung bakit hindi siya nakapagbigay ng dokumentasyon ng kita, at (iii) kung walang kinikita, kung paano niya natutustusan ang kaniyang sarili/pamilya.

6. Panahon ng Kwalipikasyon.

a. Ang mga pasyenteng matutukoy na kwalipikado ay maaaring bigyan ng Tulong Pinansyal sa loob ng anim na buwan.

7. **Pagkalkula ng halaga ng Tulong Pinansyal.**

a. Kukunin ng CHOC ang impormasyon tungkol sa kita ng pamilya ng pasyente, kabilang ang sahod, mga bayad mula sa tulong panlipunan, mga bayad sa social security, mga benepisyo mula sa welga, mga benepisyo sa kawalan ng trabaho, suporta sa bata, suportang pinansyal sa dating asawa, mga dibidendo, at interes. Ikukumpara ang kabuuang kita ng pamilya sa talahanayan (tingnan ang Schedule A) upang matukoy ang kwalipikasyon ng pasyente para sa Tulong Pinansyal ayon sa mga Panuntunan ng Kahirapan ng Pederal. Ang sinumang pasyente na walang insurance o may mataas na gastos sa medikal na ang taunang kita ng

Copyright 2026. Children's Hospital of Orange County. Nakareserba ang lahat ng karapatan. Walang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin sa anumang anyo nang walang nakasulat na pahintulot mula sa Administrasyon ng CHOC.

sambahayan ay nasa 550% o mas mababa sa mga Panuntunan ng Kahirapan ay kwalipikadong mag-apply para sa Tulong Pinansyal. Maaaring ipagkaloob ang Tulong Pinansyal nang bahagya (partial basis) para sa mga pasyenteng may kita na higit sa 400% ngunit mas mababa sa 550% sa mga Panuntunan ng Kahirapan.

b. Ang mga pamilya na may taunang kita na 400% o mas mababa pa sa mga Panuntunan ng Kahirapan ng Pederal ay kwalipikado para sa isang 100% pag-a-adjust sa Tulong Pinansyal. Makatatanggap ng pangangalaga nang walang bayad ang mga pasyenteng walang insurance o may hindi sapat na insurance na may taunang kita ng sambahayan na mas mababa o katumbas ng 400% sa mga alituntunin sa kahirapan, ayon sa napagpasyahan alinsunod sa Aplikasyon para sa Tulong.

c. Sa pagbibigay ng pangangalagang pangkawanggawa, inaatasan ng batas ang CHOC na isaalang-alang ang mga halagang karaniwang sinisingil sa mga indibidwal na may insurance na sumasaklaw sa pangangalagang pang-emergency o iba pang pangangalagang kinakailangan sa pagpapagamot (“Halagang Karaniwang Sinisingil” (Amounts Generally Billed) o “AGB”) at upang igarantiya na ang mga pasyenteng tumatanggap ng pangangalagang pangkawanggawa ay hindi sisingilin nang higit sa AGB para sa mga serbisyong pang-emergency o iba pang mga serbisyong kinakailangan sa pagpapagamot.

d. Ang mga pasyente ng Pangkomunidad na Klinika ng CHOC (CHOC Community Clinic) ay kwalipikado para sa Tulong Pinansiyal ayon sa nakasaad sa patakarang ito gamit ang Schedule B upang kalkulahin ang sliding scale ng bahaging babayaran kada pagbisita ng mga pasyenteng may kitang mas mababa sa 550% ng Mga Pederal na Alituntunin sa Kahirapan.

e. Ipapasa sa kompanyang tagasingil ng doktor sa Emergency Room ang pag-apruba para sa tulong ng mga pasyenteng nag-aaplay para sa Tulong Pinansiyal at nakatatanggap ng buo o bahagyang pag-aproba. Ang kompanyang tagasingil ng doktor sa Emergency Room ay aasa sa pagpapasya ng ospital tungkol sa pagiging kwalipikado sa FAP tulad ng iniaatas sa seksiyon 127405(a)(1)(B) ng Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan (Health and Safety Code).

8. **Patakaran sa Pagbabayad nang May Diskuwento**

Copyright 2026. Children’s Hospital of Orange County. Nakareserba ang lahat ng karapatan. Walang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin sa anumang anyo nang walang nakasulat na pahintulot mula sa Administrasyon ng CHOC.

a. Para sa mga pasyenteng may kita ng sambahayan sa pagitan ng 401% at 450% ng Pederal na Antas ng Kahirapan, dapat magbigay ang Ospital ng Private Pay Fee Schedule na may diskuwento, kung saan ang pinapayagang gastusing medikal ay katumbas ng 75% diskuwento sa mga halagang sinisingil. Sa ganitong antas, ang mga pasyenteng tinanggap para sa pagbabayad nang may diskuwento ay hindi sisingilin nang higit sa AGB para sa mga serbisyong pang-emergency at iba pang serbisyong kinakailangan sa pagpapagamot.

b. Para sa mga pasyenteng walang insurance na may kita ng sambahayan sa pagitan ng 451% at 550% sa Pederal na Antas ng Kahirapan, dapat magbigay ang CHOC ng Private Pay Fee Schedule na may diskuwento, kung saan ang pinapayagang gastusing medikal ay katumbas ng 50% diskuwento mula sa mga halagang sinisingil. Sa ganitong antas, ang mga pasyenteng tinanggap para sa pagbabayad nang may diskuwento ay hindi sisingilin nang higit sa AGB para sa mga serbisyong pang-emergency at iba pang serbisyong kinakailangan sa pagpapagamot.

9. Ang Mga Alituntunin sa Kwalipikasyon sa Programa ng Tulong Pinansiyal ng CHOC ay batay sa pinakabagong inilathalang Mga Pederal na Alituntunin sa Kahirapan. Itinatampok sa Schedule A ang mga hangganan ng kita ng sambahayan ayon sa Mga Pederal na Alituntunin sa Kahirapan, na inilalathala taon-taon.
10. Kung maaaprubahan ang isang pasyente/guarantor para sa tulong pinansiyal, ang lahat ng account na may hindi pa nababayarang balanse na babayaran nang mag-isa (self-pay) sa panahon ng pagpapasya ay ia-adjust alinsunod sa diskuwentong porsiyento na kwalipikadong matanggap ng pasyente/guarantor batay sa kaniyang aplikasyon.
11. Gagamitin ng CHOC ang sumusunod na pamamaraan upang kalkulahin ang AGB. Mag-aplay ng taunang pamamaraan ng pagbabalik-tanaw (retrospective) na pagsusuri pagktapos magsara ng nakaraang taon ng pananalapi, sa mga aktuwal na paghahabol na binayaran ng Hospital sa pamamatagi ng fee-for-service ng Medicare kasabay ng lahat ng pribadong insurer ng kalusugan at CSBP.
12. Hindi isasagawa ang panghuling pagpapasya sa pagiging hindi kwalipikado sa Programa ng Tulong Pinansiyal hanggang sa hindi iikli sa 150 araw pagkatapos ng paunang pagsingil.
13. **Ipinagpalagay na Kalipikasyon:** Hiwalay sa manwal na proseso ng aplikasyon, maaari ding ipagpalagay na kalipikado ang mga pasyente sa tulong pinansiyal gamit ang sumusunod.

Copyright 2026. Children's Hospital of Orange County. Nakareserba ang lahat ng karapatan. Walang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin sa anumang anyo nang walang nakasulat na pahintulot mula sa Administrasyon ng CHOC.

a. Katayuan bilang walang tirahan o refugee kapag walang demograpikong impormasyon ang pasyente.
b. Ebidensiyang ibinigay sa pamamagitan ng paggamit ng third-party screening tool anuman ang status ng insurance.
c. Nakaraang kwalipikasyon: Ang mga pasyenteng napagpasyahang kwalipikado ay maaaring mabigyan ng Tulong Pinansiyal sa loob ng anim na buwan.

14. **Kwalipikasyon para sa Plano ng Buwanang Pagbabayad**

a. Ang anumang pasyente o pamilya ng pasyente na kwalipikado at naaprubahan sa ilalim ng Programa ng Tulong Pinansyal para sa bahagyang diskwento sa mga singil ay kwalipikado ding magbayad nang buwanan. Maaaring makipagkasunduan ang CHOC at ang pamilya ng pasyente ukol sa mga termino ng plano ng pagbabayad. Kung walang magiging kasunduan sa pagitan ng pamilya ng pasyente at ng CHOC, kinakailangan ng pamilya ng pasyente na punan ang form ng pinalawig na plano ng pagbabayad ng CHOC FAP (Schedule C). Sa pagtanggap ng kumpletong form na ito, susuriin ng CHOC ang kabuuang buwanang kita ng pamilya matapos ibawas ang mga pangunahing gastusin sa pamumuhay ng pamilya. Isang plano ng buwanang pagbabayad ang iaalok sa pamilya na hindi lalampas sa 10% ng kita minus ang mga pangunahing gastusin sa pamumuhay. Habang ang planong pagbabayad ay aprubado, walang interes na ipapataw ang CHOC sa may diskwentong balanse ng account.
b. Maaaring ideklarang hindi na ipatutupad ang pinalawig na plano ng diskwento sa pagbabayad kapag nabigong makabayad nang sunud-sunod ang pasyente o ang pamilya ng pasyente sa loob ng 90 araw. Bago ideklarang hindi ipatutupad ang isang pinalawig na plano ng diskwento sa pagbabayad, kailangang gumawa ng makatwirang pagsisikap ang CHOC, o ang ahensiya ng pangongolekta nito, o ang nakatalaga na abisuhan ang pasyente o ang pamilya ng pasyente sa pamamagitan ng telepono o sa huling natititrang numero ng telepono at sa pagsulat sa huling natitirang address, na maaaring hindi na ipatupad ang pinalawig na plano ng pagbabayad at maaaring may pagkakataong muling pag-usapan ito kung hihilingin ng pasyente o ng kaniyang pamilya.

Copyright 2026. Children's Hospital of Orange County. Nakareserba ang lahat ng karapatan. Walang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin sa anumang anyo nang walang nakasulat na pahintulot mula sa Administrasyon ng CHOC.

B. Mga Eksepsiyon:

1. Nauunawaan na magkakaroon ng mga nagpapagaan na mga kalagayan na maaaring mangailangan ng espesyal na pagsasaalang-alang sa pag-apruba ng Tulong Pinansyal para sa mga pasyenteng hindi nakatutugon sa mga itinakdang pamantayan. Dapat malaman ito ng mga kinatawan ng CHOC kapag sinusuri ang mga kaso ng indibidwal na pasyente para sa Programa ng Tulong Pinansyal. Bagama't hindi posible na magbigay ng isang tiyak o kumpletong listahan ng lahat ng mga nagpapagaan na mga kalagayan na maaaring bumangon, ang ilang mahahalagang salik na dapat isaalang-alang ay kinabibilangan ng:
   a. Ang halagang inutang ng pasyente o pamilya ng pasyente na may kaugnayan sa kanyang kabuuang kita. Kung ang kabuuang gastos ng pasyente mula sa sariling bulsa sa CHOC ay lumampas sa 10% ng taunang kita ng pasyente o ng kaniyang pamilya sa nakalipas na 12 buwan.
   b. Ang kalagayang medikal ng pasyente o ng provider ng kanyang pamilya.
   c. Ang pagnanais ng pasyente o pamilya ng pasyente na makipagtulungan sa CHOC sa pag-ubos ng lahat ng iba pang mga pinagmumulan ng bayad.
2. Ang anumang mga kalagayan na itinuturing na kabilang sa kategoryang “nagpapagaan na mga kalagayan” ay dapat ipaalam sa Director ng mga Serbisyong Pampinansyal ng Pasyente. Ang mga kasong kabilang sa kategoryang ito ay maaaring mangailangan ng pag-apruba ng Vice President ng Pananalapi o Chief Financial Officer.

C. Proseso ng Pag-apruba/Pagtanggi/Apela para sa Programa ng Tulong Pinansyal

1. Anumang account ng pasyente na inirerekomenda para sa bahagya o kabuuang pagsasaayos ng Tulong Pinansyal, matapos matugunan ang mga panuntunang itinakda sa patakarang ito, ay kailangang dumaan sa sumusunod na proseso ng pag-apruba sa pamamagitan ng lagda:
   a. **CHOC (Hospital at mga Klinika)**

Hanggang $2,000	Revenue Cycle Associate
Hanggang $10,000	Revenue Cycle Division Supervisor
Hanggang $50,000	Revenue Cycle Division Manager
Hanggang $100,000	Revenue Cycle Division Director
Hanggang $250,000	Senior /Executive Director
Hanggang $1,000,000	Vice President of Revenue Cycle

Copyright 2026. Children’s Hospital of Orange County. Nakareserba ang lahat ng karapatan. Walang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin sa anumang anyo nang walang nakasulat na pahintulot mula sa Administrasyon ng CHOC.

Mahigit $1,000,000	Chief Financial Officer

b. **CHOC Medical Foundation**

Hanggang $2,000	Revenue Cycle Associate
Hanggang $10,000	Revenue Cycle Division Supervisor
Hanggang $50,000	Revenue Cycle Division Manager
Hanggang $100,000	Revenue Cycle Division Director
Hanggang $250,000	Senior/Executive Director
Hanggang 1,000,000	Vice President of Revenue Cycle
Mahigit $1,000,000	Chief Financial Officer

2. Kapag napagpasyahan nang aprubahan o tanggihan ang account ng pasyente para sa Programa ng Tulong Pinansiyal, magpapadala ng liham sa pasyente bilang abiso tungkol sa ginawang pagpapasya. Kung ang aplikasyon para sa Programa ng Tulong Pinansyal ay tinanggihan, makikipag-ugnayan ang isang kinatawan ng CHOC sa pasyente o pamilya ng pasyente upang magtakda ng mga kasunduan sa pagbabayad ng account.
3. **Proseso ng Apela:**
   Kung sa anumang bahagi ng proseso ng pag-apruba para sa Tulong Pinansyal ay magkaroon ng pagtatalo hinggil sa aplikasyon, may karapatan ang pasyente o ang kaniyang pamilya na humiling ng muling pagsasaalang-alang ng aplikasyon sa susunod na antas ng proseso ng pag-apruba. Ang huling desisyon sa pagtanggi ng Tulong Pinansyal ay mananatili lamang sa Executive Vice President at Chief Financial Officer, at ang kanilang desisyon ay ituturing na pinal.
4. Kailangang isumite ang apela ng pasyente o pamilya ng pasyente sa pamamagitan ng pagsulat sa Patient Accounting Director sa loob ng tatlumpung (30) araw mula sa abiso ng orihinal na pagtanggi.
5. Ang pagbibigay ng Programa ng Tulong Pinansyal ay hindi nag-aalis ng karapatang maningil, alinman sa nakaraan o sa panahon ng serbisyo, para sa lahat ng serbisyo, kapag may mali, hindi tama, o hindi kumpletong impormasyon na ibinigay sa proseso ng aplikasyon. Bukod pa rito, nakalaan sa CHOC ang karapatang maghanap ng lahat ng remedyo, kabilang na rito ang, pero hindi ito nalilimitahan sa, sibil at kriminal na pinsala mula sa mga nagbigay ng mali, hindi tumpak, o hindi kumpletong impormasyon upang maging kwalipikado sa Programa ng Tulong Pinansiyal.

Copyright 2026. Children's Hospital of Orange County. Nakareserba ang lahat ng karapatan. Walang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin sa anumang anyo nang walang nakasulat na pahintulot mula sa Administrasyon ng CHOC.

D. Programa ng Tulong Pinansiyal: Abiso sa Pasyente o sa Pamilya ng Pasyente

1. Ang mga pahayag sa pasyente ng CHOC ay magbibigay-abiso sa pasyente tungkol sa patakaran ng Programa ng Tulong Pinansiyal ng CHOC, at sa impormasyon sa pakikipag-ugnayan upang makakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa tulong. Isasama sa abisong ito ang isang tagline sheet na mayroon ng sumusunod na pahayag na ibibigay sa Ingles at sa nangungunang 15 wikang ginagamit ng mga indibidwal na may limitadong kakayahan sa wikang Ingles (limited-English-proficient, LEP) sa California ayon sa napagpasyahan ng Kagawaran ng mga Serbisyo ng Pangangalagang Pangkalusugan ng Estado (State Department of Health Care Services). "PAUNAWA: Kung kailangan ninyo ng tulong sa inyong wika, tumawag sa [phone number where patients may obtain more information]. Bukas ang tanggapan nang [offices hours] at matatagpuan ito sa [office location information]. Mayroon ding mga pantulong at serbisyo para sa mga taong may kapansanan, tulad ng mga dokumento sa braille, malalaking titik, audio, at iba pang accessible na elektronikong format. Libre ang mga serbisyong ito". Bukod pa rito, ang lahat ng pahayag ng pasyente ay maglalaman ng impormasyon kung paano makakukuha ng impormasyon ang pamilya ng pasyente tungkol sa Palitan ng Benepisyo sa Kalusugan ng California (California Health Benefit Exchange), pati na rin sa mga planong pangkalusugan na pinopondohan ng estado at county. Magkakaroon ang ospital ng mga aplikasyon para sa mga plano ng estado at county na maipamamahagi.
2. Ang buod ng Programa ng Tulong Pinansyal pati na ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ay dapat ipaskil sa parehong Ingles at Espanyol sa mga mataong lugar ng CHOC, gaya ng Admitting, Emergency Room, mga Klinika, Outpatient Registration, at mga Tanggapan ng Accounting para sa Pasyente.
3. Magbibigay ng abiso ang CHOC tungkol sa Programa ng Tulong Pinansyal at impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa lahat ng self-pay na pasyente sa panahon ng serbisyo, pati na rin ang impormasyon tungkol sa mga programang sinusuportahan ng gobyerno at impormasyon sa pakikipag-ugnayan tungkol sa California Health Benefits Exchange.

E. Proseso ng Pagkolekta:

1. Kung ang pasyente ay kwalipikado para sa tulong mula sa Programa ng Tulong Pinansyal at nagsusumikap na bayaran ang hindi pa nababayarang bill sa loob ng makatwirang panahon, hindi ipapadala ng CHOC o ng ahente nito, ni ipapaalam na ipapadala, ang hindi

Copyright 2026. Children's Hospital of Orange County. Nakareserba ang lahat ng karapatan. Walang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin sa anumang anyo nang walang nakasulat na pahintulot mula sa Administrasyon ng CHOC.

nabayarang account sa isang panlabas na ahensiya kung ang paggawa nito ay maaaring makaapekto ng negatibo sa credit ng pasyente. Kung mapipilitan ang CHOC na ipadala ang account sa isang panlabas na ahensya sa paniningil, ang halagang ipapasa sa ahensya ay dapat sumasalamin sa nabawasang halaga ng bayarin na kwalipikado ang pasyente sa ilalim ng Programa ng Tulong Pinansyal. Hindi magsasagawa ng anumang ekstraordinaryong koleksyon ang CHOC. Kung ang pasyente ay nagbayad ng higit pa sa kabuuang halaga ng responsibilidad, ibabalik ng CHOC ang sobrang bayad sa pasyente na may kasamang interes ayon sa itinakdang rate sa umiiral na batas simula sa araw na matanggap ng ospital ang bayad at ito ay maitatalaga bilang credit ng pasyente. Hindi obligado ang CHOC na mag-reimburse sa pasyente o magbayad ng interes kung ang halaga ng utang ay mas mababa sa $5.00. Kikilalanin ng ospital ang $5.00 na credit nang hindi bababa sa 60 araw bilang bawas sa anumang balanse ng pasyente na nakuha sa panahong iyon.

2. Hindi gagamit ang CHOC ng mga garnishment ng sahod o lien sa pangunahing tirahan ng pasyente o pamilya ng pasyente bilang paraan ng pagkolekta ng hindi nabayarang mga bill ng CHOC para sa mga walang insurance na pasyente na nasa o mas mababa ng 400% sa Antas ng Kahirapan ng Pederal. Hindi hinahadlangan ng kinakailangang ito ang CHOC na maghabol ng reimbursement mula sa mga pakikipagkasundo sa sagutin ng third party.

F. Pag-reimburse ng mga Sobrang Singil

1. Ire-reimburse ng CHOC sa mga pasyente ang mga halagang binayaran nang sobra sa halagang dapat bayaran sa ilalim ng FAP, kabilang na rito ang angkop na interes sa loob ng 30 araw pagkatapos maaprobahan ang kanilang aplikasyon para sa tulong pinansiyal.
2. Ang sumusunod ay ituturing na mga halagang binayaran nang sobra sa halagang dapat bayaran sa ilalim ng Programa ng Tulong Pinansiyal at Pagbabayad nang May Diskuwento para sa Pasyente.
   a. Ang anumang pagbabayad na ginawa sa hindi pa nababayarang balanse ng pasyente/pamilya sa pagitan ng petsa ng aplikasyon para sa tulong pinansiyal at ng petsa kung kailan ito inaprubahan.
   b. Ang anumang pagbabayad na ginawa pagkatapos apruhan ang aplikasyon para sa tulong pinansiyal na sobra sa halagang pinagkakautangan batay sa antas ng inaprobahang rate ng diskuwento.

G. Dokumentasyon para sa mga Diskuwento ng Programa ng Tulong Pinansiyal

Copyright 2026. Children's Hospital of Orange County. Nakareserba ang lahat ng karapatan. Walang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin sa anumang anyo nang walang nakasulat na pahintulot mula sa Administrasyon ng CHOC.

Sa mga sitwasyon kung saan napagpasyahang kwalipikado ang isang pasyente para sa Programa ng Tulong Pinansiyal, mahalagang maidokumento nang maayos ang file ng pasyente upang madaling makilala ang pasyente, at upang makapagpanatili ng maayos na rekord ng mga katotohanang nagresulta sa pagpapasya sa kalipikasyon para sa Tulong Pinansiyal. Ang minimum na dokumentaysong maaaring kinakailangan para sa bawat sitwasyon ng Tulong Pinansiyal ay maaairng limitahan sa isa sa sumusunod:

1. Kopya ng kumpletong Worksheet ng Pagsisiwalat ng Pinansyal ng pasyente o pamilya ng pasyente, kasama ang anumang sumusuportang dokumentasyon (hal., nakaraang taon na tax return (mas gustong dokumentasyon), mga W-2 Form, o kasalukuyang pay stub).
2. Mga kopya ng karagdagang dokumentasyon, tala, at iba pa na naglalarawan ng nagpapagaan na mga kalagayan na isinasaalang-alang sa pagtukoy ng kwalipikasyon para sa Programa ng Tulong Pinansyal (kung available o kinakailangan).
3. Kopya ng “Pag-apruba para sa Tulong Pinansyal” na nilagdaan ng tamang (mga) kinatawan ng Ospital (kung available).
4. Pagkabangkarote sa nakaraang taon (awtomatikong kwalipikasyon para sa Programa ng Tulong Pinansyal).

H. Mga Ulat

Ang Tulong Pinansyal ay itatala kasama ang sumusunod na impormasyon:

1. Ang mga datos ng pasyente na naglalaman ng Protektadong Impormasyon sa Kalusugan (Protected Health Information, PHI) ay pamamahalaan sa isang paraan na nagpoprotekta sa privacy at pagkakumpidensyal ng mga impormasyong iyon at itatala lamang kapag kinakailangan para sa pagpapatupad ng Programa ng Tulong Pinansyal.
    a. Katayuan ng inpatient o outpatient
    b. Kabuuang singil ng pasyente
    c. Mga gastusin sa Tulong Pinansyal, inaprubahan at tinanggihan
    d. Petsa ng pag-apruba/pagtanggi
    e. Dahilan para sa anumang pagtanggi
2. Ang lahat ng file ng aplikasyon ay kumpidensyal at itatago sa isang ligtas na lokasyon sa loob ng hindi bababa sa tatlong taon mula sa petsa ng aplikasyon at matapos ang taunang pag-audit sa pagtatapos ng taon ng pananalapi ng CHOC. Lahat ng log ng Programa ng Tulong Pinansyal ay itatago sa loob ng pitong (7) taon. Sa pagtatapos ng kaukulang panahon, lahat ng impormasyon ay sisirain o itatago sa isang paraan upang maprotektahan ang privacy at pagkakumpidensiyal ng pasyente.

Copyright 2026. Children’s Hospital of Orange County. Nakareserba ang lahat ng karapatan. Walang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin sa anumang anyo nang walang nakasulat na pahintulot mula sa Administrasyon ng CHOC.

3. Hindi maaaring baguhin ang patakarang ito upang alisin o bawasan ang mga benepisyo para sa mga tumatanggap nito. Anumang iminungkahing pagbabago sa patakarang ito ay kailangang maaprubahan nang maaga ng Kagawaran ng Pagsunod.

VI. MGA SANGGUNIAN:

A. Revenue Cycle Management, Zimmerman and Associates. Disyembre 2002.

B. California Hospital Association, Voluntary Principles and Guidelines for Assisting Low-Income Uninsured Patients, Pebrero 6, 2004.

C. American Hospital Association, Statement of Principles and Guidelines on Hospital Billing and Collection Practices, Abril 27, 2004.

D. Assembly Bill 774 Chan-Hospitals: mga patakaran sa patas na pagpepresyo.

E. California Hospital Association, Charity Care Requirements Implementation AB 774 Nobyembre 3, 2006.

F. Barclays California Code of Regulations, Title 22, Chapter 7, Section 75049.

G. Department of Health and Human Services, Mga Pederal na Alituntunin sa Kahirapan Batay sa Kita. https://aspe.hhs.gov/topics/poverty-economic-mobility/poverty-guidelines

H. Health Center Program Statute: Section 330 ng Public Health Services Act (42 U.S.C. 254b).

I. Program Regulations 42 code of Federal Regulations (CFR) Part 51c and 42 CFR Parts 56.201-56.604 for Community and Migrant Health Centers CDPH Issue AFL Related to California Hospital Fair Pricing Policies, Nobyembre 5, 2014.

J. Assembly Bill 2297 Hospital and Emergency Physician Fair Pricing Policies

MGA NAKATULONG SA PAGBUO NG PATARAKAN, MGA PAG-APRUBA, AT KASAYSAYAN

Mga Nakatulong sa Pagbuo ng Patakaran	
Facilitator:	Manager, Mga Account ng Pasyente
Mga Nakipagtulungan sa Pagbuo ng Patakaran:	
Department Head:	Executive Director ng Revenue Cycle
Executive Management Team Member:	Ken Baxter, Vice President ng Revenue Cycle

Mga Pag-apruba ng Komite	**Petsa**
Pag-apruba ng Direktor	09/15/2026
Lupon ng mga Direktor	

Copyright 2026. Children's Hospital of Orange County. Nakareserba ang lahat ng karapatan. Walang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin sa anumang anyo nang walang nakasulat na pahintulot mula sa Administrasyon ng CHOC.

Schedule A

Inilathalang Mga Pederal na Alituntunin sa Kahirapan para sa 2026				
Bilang ng Tao sa Sambahayan	**Hanggang 100%**	**Hanggang 400%**	**Hanggang 450%**	**Hanggang 550%**
1	**$15,960**	**$63,840**	**$71,820**	**$87,780**
2	**$21,640**	**$86,560**	**$97,380**	**$119,020**
3	**$27,320**	**$109,280**	**$122,940**	**$150,260**
4	**$33,000**	**$132,000**	**$148,500**	**$181,500**
5	**$38,680**	**$154,720**	**$174,060**	**$212,740**
6	**$44,360**	**$177,440**	**$199,620**	**$243,980**
7	**$50,040**	**$200,160**	**$225,180**	**$275,220**
8	**$55,720**	**$222,880**	**$250,740**	**$306,460**
Diskuwento	**100%**		**75%**	**50% Mga Pasyenteng Walang Insurance**

Schedule B

Sliding Fee Schedule - CMG **Mga Pederal na Alituntunin sa Kahirapan (Federal Poverty Level, FPL) Batay sa Gross na Buwanang Kita** Ayon sa Laki ng Sambahayan - May bisa simula 2026			
Kodigo ng Planong Pangkalusugan	**Pangunahing Pangangalagang Pangkawanggawa**	**Slide Fee para sa Pangunahing Pangangalaga**	**Self-Pay**
Alituntunin sa FPL	**Hanggang 400%**	**Hanggang 450%**	**Hanggang 550%**
Laki ng Sambahayan			
1	$5,320	$5,985	$7,315
2	$7,213	$8,115	$9,918
3	$9.107	$10,245	$12,522
4	$11,000	$12,375	$15,125
5	$12,893	$14,505	$17,728
6	$14.787	$16,635	$20,332
7	$16,680	$18,765	$22,935
8	$18,573	$20,895	$25,538
CMG Bayad para sa Serbisyo	$0 para sa Pagbisita Dahil sa Sakit $0 bayad sa Administrasyon Lang ng Bakuna sa Trangkaso	$30 para sa Pagbisita Dahil sa Bago/Matagal nang Sakit $26 para Lang sa Bakuna sa Trangkaso Administrasyon	$176 WCC $60 para sa mga Parsiyal at Hindi WCC $26 para Lang sa Bakuna sa Trangkaso Administrasyon
Wellness on Wheels	$0 para sa Pagbisita sa Opisina	$25 para sa Pagbisita sa Opisina $	$25 para sa Pagbisita sa Opisina
Mga Laboratoryo	“Singilin sa Pasyente" Maliban kung nagbabayad sa oras ng pagbisita ayon sa mga	“Singilin sa Pasyente" Maliban kung magbabayad sa oras ng pagbisita ayon sa binawasang rate sa	“Singilin sa Pasyente" (tumatanggap ng bill mula sa laboratoryo/radiology ayon sa mga karaniwang rate)

	binawasang rate sa klinika, gamitin ang “Singilin sa Klinika"	klinika, "Singilin sa Klinika”	
Radiology	“Singilin sa Pasyente”	“Singilin sa Pasyente”	“Singilin sa Pasyente" (Tumatanggap ng bill mula sa Radiology ayon sa mga karaniwang rate)
Mga Resetang Gamot	Bigyan ng RX - Magbabayad ang pasyente	Bigyan ng RX - Magbabayad ang pasyente	Bigyan ng RX - Magbabayad ang pasyente

***Sambahayan – Laki ng Pamilya**

Schedule C
Form ng Pinalawig na Plano ng Pagbabayad ng CHOC/CCMH FAP

Petsa:	**DOS:**
Pangalan ng Pasyente:	**ADJ Petsa:**
Buwanang Kita: $	
Ibawas ang Pangunahing Gastusin sa Pamumuhay Mga Gastusin:	
Upa/Bayad sa Bahay	**$**
Pagmementina	**$**
Pagkain	**$**
Mga Suplay sa Bahay	**$**
Mga Utilidad	**$**
Damit	**$**
Mga medikal na pagbabayad	**$**
Insurance	**$**
Pag-aaral/Pangangalaga sa Bata	**$**
Suporta para sa Anak/Asawa	**$**
Transportasyon	**$**
Gastusin sa Sasakyan/ Gasolina/Pagkukumpuni/Insurance	**$**
Bayad sa Sasakyan	**$**
Paglalaba/Paglilinis	**$**

Kabuoang Gastusin	**$**

Kabuuang Kita pagkatapos maibawas ang mga gastusin sa pamumuhay $_____
Pinalawig na Plano ng Pagbabayad, Buwanang Pagbabayad $_____